## Washington Irving

*(1783-1859) Tanyag bilang ang "unang Amerikanong mahusay sa panitikan."*

- "Siya ay mahinahon at matimpi sa kanyang karaniwang pagkain, at masinsin sa pag-aayuno. Siya ay hindi nagpalaway sa anumang karilagan sa kasuutan, ang karangyaan ng makitid ang isip; maging ang kanyang kawalang-rangya sa pananamit ay hindi nagbago, kundi bunga ng tunay na kawalang-bahala sa pagtatanging batay sa walang-halagang bagay... Sa kanyang mga pribadong pakikitungo siya ay tumpak. Siya ay makatarungan sa kanyang pakikitungo sa mga kaibigan at estranghero, mayaman at mahirap, makapangyarihan at mahina, at mahal ng mga karaniwang tao dahilan sa kabaitan sa pakikitungo sa kanila at sa pakikinig sa kanilang mga daing... Ang kanyang mga pandigmang tagumpay ay hindi pumukaw ng pagdadalang-puri at palalong kabantugan, na maari nilang gawin kung ang mga ito ay bunga lamang ng mga layuning makasarili. Sa panahong tugatok ng kanyang kapangyarihan napanatili niya ang dating simplidad ng mga asal at anyo sa mga panahon ng kanyang kagipitan. Malayong maapektuhan ng makaharing katayuan, siya ay magdamdam kung sa kanyang pagpasok sa isang silid, ay may di-pangkaraniwang parangal ang ipapakita sa kanya."
  [*Life of Mahomet*, London, 1889, pp. 192-3, 199]

✶ ✶ ✶ ✶ ✶

## Annie Besant

*(1847-1933) Teosopista at pinunong nasyonalistang Britanyo sa India. Pangulo ng Batasang Pambansa ng India sa taong 1917.*

- "Imposible para sa sinumang sumusuri sa buhay at asal ng dakilang Propeta ng Arabia, na may alam kung paano siya nangaral at namuhay, na makaramdam ng anuman maliban sa paggalang sa dakilang Propetang ito na isa sa mga magiting na mensahero ng Poong Maykapal. At bagaman sa aking mga sasabihin sa inyo maraming mga bagay ang aking babanggitin na marahil alam na alam ng karamihan, subalit ako mismo ay nakakadama, tuwing binabasa ang mga ito, ng isang panibagong paghanga at galang sa magiting na Arabeng gurong ito."
  [*The Life and Teachings of Muhammad*, Madras, 1932, p. 4]

✶ ✶ ✶ ✶ ✶

## Edward Gibbon

*(1737-1794) Itinuturing na pinakamagiting na mananalaysay na Britanyo sa kanyang panahon.*

- "Ang kanyang (Muhammad) memorya ay malakas at matatandain, ang kanyang pang-unawa ay madali at sosyal, ang kanyang imahinasyon ay maringal, ang kanyang pagpapasiya ay malinaw, mabilis at tiyak. May taglay siyang kagitingan maging sa isipan at gawa."
  [*History of the Decline and Fall of the Roman Empire*, London, 1838, tomo 5, p.335]

**Para sa karagdagang kaalaman hinggil kay Propeta Muhammad (s)**
**at sa kanyang mga turo, dumalaw sa:**
***http://al-islam.org/faq/***

*v1.0*

*Si Muhammad ay hindi ama ng sinuman sa inyong mga kalalakihan, kundi siya ay Mensahero ng Panginoon at ang Kahuli-huliang Propeta*
(Qur'an 33:40)

## Ano ang Sinasabi ng mga Hindi Muslim hinggil kay...

# Muhammad

ANG PROPETA NG ISLAM
*(Sumakanya at Kanyang Pamilya nawa ang Kapayapaan)*

Ito ay isang koleksiyon ng maiikling mga sipi mula sa iba't ibang mga tanyag na hindi Muslim, kabilang ang mga akademiko, manunulat, pilosopo, manunula, politiko, at aktibista ng Silangan at Kanluran. Sa aming pagkakaalam, walang sinuman sa kanila ang naging Muslim. Kaya, ang mga katagang ito'y nagpapakita ng kanilang personal na pananaw hinggil sa iba't ibang aspeto ng relihiyong Islam.

## Michael H. Hart

*(1932- ) Propesor ng astronomiya, pisiks at kasaysayan ng siyensiya.*

- "Ang aking pagpili kay Muhammad na manguna sa talaan ng mga pinakamaimpluwensiyang tao sa mundo ay maaring pinagtatakahan ng ibang mambabasa at maaring tinututulan ng iba, subalit siya lamang ang tao sa kasaysayan na nagkamit ng sukdulang tagumpay sa larangang pangrelihiyon at sekular."
  [*The 100: A Ranking of the Most Influential Persons in History*, New York, 1978, p. 33]

✶ ✶ ✶ ✶ ✶

## William Montgomery Watt

*(1909- ) Propesor (Emerito) ng Arabe at Pag-aaral ng Islam sa Unibersidad ng Edinburgh.*

- "Ang kanyang kahandaang dumanas ng mga pagkakausig dahilan sa kanyang mga paniniwala, ang mabuting asal ng mga taong naniniwala sa kanya at naniniwala sa kanya bilang pinuno, at ang kadakilaan ng kanyang pinakaduyong tagumpay—ay puro nagpapahiwatig ng kanyang pangunahing integridad. Ang pagpapalagay kay Muhammad bilang impostor ay nagdudulot ng mga problema kaysa lumulutas ng mga ito. Bukod dito, walang sinuman sa mga bantog na tao sa kasaysayan ang di-gaanong hinangaan kaysa kay Muhammad."
  [*Mohammad at Mecca*, Oxford, 1953, p. 52]

✶ ✶ ✶ ✶ ✶

## Alphonse de Lamartine

*(1790-1869) Manunula at estadistang Pranses.*

- "Pilosopo, orador, apostoles, mambabatas, mandirigma, kongkistador ng kaisipan, taganumbalik ng mga makatwirang turo, ng isang kultong walang mga imahen; ang tagapagtatag ng dalawampung mga imperyong makamundo at ng isang imperyong espirituwal, siya si Muhammad. Kung nauukol sa lahat ng mga pamantayan kung saan ang kagitingan ng taon ay ibabatay, maari nating itanong, may tao bang hihigit pa sa kanya?"
  [Traduksiyon mula sa *Histoire De La Turquie*, Paris, 1854, tomo II, pp. 276-277]

✶ ✶ ✶ ✶ ✶

## Kapita-pitagang Bosworth Smith

*(1794-1884) Yumaong Pensiyonado ng Kolehiyo ng Trinidad, Oxford.*

- "…siya ay kapwa Sesar at Papa; subalit siya ay Papa na walang mga pagmamarangya ni Papa, at Sesar na walang mga hukbo ni Sesar. Walang permanenteng hukbo, walang guwardiya, walang palasyo, walang natatakdang kinikita, kung mayroon mang taong may karapatang magsabing siya ay namamahala sa pamamagitan ng isang karapatang Dibino, ito ay si Mohammed; dahil mayroon siyang buong kapangyarihan na walang mga kasangkapan at mga tagataguyod."
  [*Mohammed and Mohammedanism*, London, 1874, p. 235]

## Mohandas Karamchand Gandhi

*(1869-1948) Palaisip, estadista, at pinunong nasyonalista ng India.*

- "...Mas lalo akong naging kumbinsido na hindi espada ang nagpawagi sa Islam sa pamamaraan ng buhay noong mga panahong iyon. Ito ay ang tunay na kawalang-rangya, ang lubos na pagkakait sa sarili ng propeta, masusing pagsasaalang-alang sa kanyang mga pangako, matinding katapatan sa kanyang mga kaibigan at alagad, ang kabuuan ng kanyang loob, ang kanyang kawalang-takot, ang kanyang lubos na pagtitiwala sa Panginoon at sariling layunin. Ang mga ito, at hindi espada, ang naghandog ng bawat bagay sa kanila at lumutas ng bawat kagipitan."
  [*Young India* (peryodiko), 1928, Tomo X]

✶ ✶ ✶ ✶ ✶

## Edward Gibbon

*(1737-1794) Itinuturing na pinakamagiting na mananalaysay na Britanyo sa kanyang panahon.*

- "Ang pinakamahalagang tagumpay sa buhay ni Mohammad ay bunga ng kapangyarihan ng asal lamang na walang hampas ng isang espada."
  [*History of the Saracen Empire*, London, 1870]

✶ ✶ ✶ ✶ ✶

## John William Draper

*(1811-1882) Siyentipiko, pilosopo, at mananalaysay na Amerikano.*

- "Apat na taon mula ng yumaon si Hustinyano, A.D. 569, ipinanganak sa Mecca sa Arabia ang taong may pinakamahalagang impluwensiya sa sangkatauhan…si Mohammed."
  [*A History of the Intellectual Development of Europe*, London, 1875, tomo.1, pp. 329-330]

✶ ✶ ✶ ✶ ✶

## David George Hogarth

*(1862-1927) Arkeologo, manunulat, at tagapag-ingat na Ingles ng Museong Ashmolean, Oxford.*

- "Seryoso man o walang-halaga, ang kanyang araw-araw na asal ay nagtatag ng panuntunan na taimtim na sinusunod ng milyun-milyong mga tao hanggang sa kasalukuyan. Walang sinumang itinuturing na Taong Walang-Kapintasan ng isang bahagi ng sangkatauhan na masusing tinutularan. Ang gawi ng Tagapagtatag ng Kristiyanismo ay hindi gaanong namayani sa pangkaraniwang buhay ng Kanyang mga alagad. Bukod dito, walang Tagapagtatag ng relihiyon tulad ng Apostoles ng Muslim ang umiwan ng katangi-tanging kabunyian."
  [*Arabia*, Oxford, 1922, p. 52]